



Australian Government  
Department of Home Affairs



# Mga klase sa Ingles para sa karapat-dapat na mga migrante sa Australya

## MGA PAGBABAGO SA SERBISYO NG AMEP DAHIL SA COVID-19

Mangyaring huwag dumalo sa lugar nang pag-aaral ng AMEP kung hindi mabuti ang iyong pakiramdam.

Dahil sa patuloy na kalagayan ng COVID-19, may mga bagong kaayusan na ipatutupad para sa paghahatid ng AMEP, tulad ng online o distance learning (*\*pag-aaral na di-kinakailangan ng madalas na presensya sa eskwelahan*).

Mangyaring makipag-ugnayan ng direkta sa iyong [AMEP service provider](#) upang talakayin ang mga bagong kasunduan.

Alamin ang tungkol sa [COVID-19 at mga sintomas nito](#)

## ADULT MIGRANT ENGLISH PROGRAM

Ang Adult Migrant English Program (AMEP) ay nagbibigay ng libreng bayad sa pag-aaral ng wikang Ingles sa mga karapat-dapat na migrante mula sa family, skilled at humanitarian na mga stream na visa.

## PAGHAHATID NG PROGRAMA

Ang AMEP ay inihahatid sa 58 na mga kontratang rehiyon sa buong Australya, at ito ay dinisenyo upang mapaunlakan ang mga pangangailangan sa pag-aaral ng mga kliyente sa pamamagitan ng pag-aalok ng mga hanay ng pagpipilian sa pag-aaral at mga kumbinasyon, kabilang ang distance learning\*.

Makikita mo ang mga detalye ng iyong pinakamalapit na service provider ng programa sa estado at teritoryo sa pahina ng [service provider ng AMEP](#)

Mayroon kaming impormasyon tungkol sa AMEP sa ibang mga wika. Para makita ang impormasyon na isinalin sa iyong wika, bisitahin ang aming pahina sa [impormasyon sa ibang mga wika](#).

## PAGIGING KARAPAT-DAPAT

Upang maging karapat-dapat para sa AMEP, ang isang tao ay dapat na:

- nasa Australya
- walang Functional English (*\*ay ang paggamit ng wikang Ingles na kinakailangan upang maisagawa ang isang tiyak na hangarin tulad ng pag-aaral o pagpapaunlad ng karera*) na nasuri ng mga kwalipikadong kawani ng AMEP ayon sa *Immigration (Education)(Functional English) Specification 2017*
- hindi pa nasuri ng Kagawaran na may taglay na Functional English\* o mas mataas, para sa mga layunin ng kaniyang pagtamo ng visa (para sa mga pangunahing mayhawak ng visa lamang)
- sumunod sa pagsisimula ng pagpaparehistro at pagkumpleto sa mga itinaning oras (tingnan ang *Mga Timeframe* sa ibaba)
- tumutugon sa kahit isa man lang sa mga sumusunod:
  - may hawak na permanenteng visa o karapat-dapat na pansamantalang visa
  - may hawak na karapat-dapat na pansamantalang visa gaya ng tinukoy sa Temporary Visa Classes Instrument
  - dating may hawak na permanenteng permiso sa pagpasok o permanenteng visa at naging isang mamamayan ng Australya
  - kung ang indibidwal ay nasa edad na 18-taon, mayroong kahit isang magulang na nagkaroon o may hawak na permanenteng permiso sa pagpasok o permanenteng visa.

## Mas bata sa 18-taong gulang

Ang mga migrante at humanitarian entrant (*mga tao na muling tumira sa Australya sa ilalim ng Humanitarian Program*) na may edad sa pagitan ng 15 at 17-taong gulang, na walang functional English\* at ang mga pangangailangan ay hindi natutugunan sa karaniwang paaralan, ay maaari ring maging karapat-dapat na lumahok sa programa.

## Mga Timeframe

Ang sumusunod na mga timeframe ay iaaplay:

- Magparehistro sa loob ng anim na buwan (18-taon at mas matanda) o 12-buwan (mas bata sa 18-taon).
- Magsimula ng bayad sa pag-aaral sa loob ng 12-buwan.
- Makumpleto ang bayad sa pag-aaral sa loob ng limang taon.

Ang mga service provider ng AMEP ay maaaring mag-aplay para sa mga palugit sa mga time frame para sa kanyang mga kliyente at posibleng mga kliyente.

Ang mga aplikasyon ay isasaalang-alang batay sa indibidwal na kaso at alinsunod sa mga pagtutukoy sa ilalim ng *Immigration (Education) Act 1971*.

## CHILD CARE

### (*\*pangangalaga sa bata*)

Ang child care\* ay magagamit ng mga kliyente ng AMEP na may mga anak na hindi pa pumapasok sa paaralan. Ang child care\* ay aasikasuhin ng mga service provider ng AMEP at matatagpuan malapit sa klase ng kliyente kung mayroon doon.